

## **Senador Pimentel para sa Multilinggwalismo** ni: SHEILEE BORAS-VEGA, Ph. D.

Sa talumpati ni Senador Pimentel sa Senado noong Setyembre 5, 2007, tinalakay niya ang kahalagahan ng rehiyonal o iba pang mga wika sa bansa para sa isang matatag na republika. Ayon sa kanya mahalagang mapanatili ang mga wika sa iba't ibang panig ng bansa upang mapasigla at mapalaganap ang ating sariling kultura. Naniniwala si Pimentel sa tinuran ni Dr. Kenneth Hale ng Massachusetts Institute of Technology: *“When you lose a language, you lose a culture, intellectual wealth, a work of art.”* Ipinaliwanag ni Sen. Pimentel na hanggat hindi natin pinangangalagaan ang ating sariling katutubong mga wika, unti-unti itong mawawala sa ating kamalayan, sa ating pasalita at pasulat na komunikasyon, gayundin unti-unti mamamatay ang mga wikang ito. Ang pagkakaroon ng iba't ibang wika sa isang bansa ang karaniwan na sa ngayon. Ayon pa sa kanya:

*I submit that forcing the language of one ethnic group such as Tagalog upon other ethnic groups is divisive and disruptive of national fabric. The key word here is “forcing” a foreign language on a people. It does not unite.*

Sa ipinahayag sa itaas, ibinigay na halimbawa ni Sen. Pimentel ang pagkahati-hati ng Pakistan at ang digmaan sa Sri Lanka at Belgium. Nagbanggit din siya ng mga bansang mayroong higit sa dalawang opisyal na wika, tulad ng Spain, United Kingdom at Switzerland.

Gayunpaman, binigyang diin ni Pimentel ang kahalagahan ng isang wikang pambansa. *“We need it so that we do not speak the language of foreigners to communicate with one another.”* Sa interpelasyon, nilinaw din niya na hindi niya iminumungkahi ang pag-alis ng English dahil naniniwala siya na napakahalaga ng wikang ito sa pandaigdigang pakikipag-ugnayan. Ayon kay Pimentel, ang kanyang mungkahi ay maidagdag ang mga pangunahing wika ng mga partikular na lugar bilang opisyal din na wika.

Kaugnay nito, iminungkahi ni Sen Pimentel ang dalawang bagay: una, ang pagbago ng kurikulum ng mga paaralan na gamitin ang mga pangunahing wika sa rehiyon bilang midyum ng pagtuturo mula Baitang I hanggang IV. Sa interpelasyon, sinabi ni Pimentel na ang nakatadhana sa Konstitusyon na paggamit ng mga rehiyonal na wika bilang pantulong na opisyal na mga wika ay hindi nasusunod.

Ang pangalawang mungkahi ni Sen. Pimentel na ayon na rin sa kanya ay mabigat at mahirap, ang pagkakaroon ng federal na sistema ng pamahalaan. Ipinaliwanag niya na ang sistemang federal ay magpapadali ng pag-unlad ng ekonomiya at pagsulong ng kapayapaan sa bansa. Higit sa lahat ayon sa kanya, *“the adoption of federal system would enable the federal states to enhance their own culture, language being a major component of it.”*

Ang talumpati ni Sen. Pimentel ay sinuportahan ni Sen. Gordon na nagmungkahi ng pagkakaroon ng isang batas o resolusyon na maglalaan ng pondo para sa paghahanda ng mga aklat at “language stations or schools” kung saan ang mga mag-aaral ay maaaring kumuha ng kurso sa mga lokal na mga wika bilang elective.

Nagpahayag din ng suporta si Sen. Madrigal. Ayon sa kanya , *“if an elementary student is taught science, history and social studies in his native tongue, he becomes not only productive and receptive but also more articulate in those subjects and later on in English.”*

Ang talumpati ni Senador Pimentel ay umaayon sa adhikaing multilinggwalismo na isinusulong ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF). Ang katwiran nito ay ibinatay sa pagiging multilinggwal at pagiging multikultural ng mga Pilipino. Ang kasalukuyang administrasyon ng KWF ay naniniwala sa napakalaking bentaha ng pagkakaroon ng Pilipinas ng mahigit na 170ng wika sa halip na isang disbentaha. Ang natural na kundisyon ng karaniwang Pilipino at ng karaniwang mamamayan sa daigdig ay hindi lang iisa ang alam na wika. Kinikilala ng KWF ang kahalagahan ng mga wikang ginagamit ng mga Pilipino – ang katutubong wika para sa literasiya at edukasyon ng mga mamamayan, etnikong pangangailangan at pang-araw-araw na gamit; ang wikang pambansa para sa pambansang kamalayan, pagkakaunawaan, pakikipag-ugnayan at pagkakakilanlan; at ang mga wikang pang-ibayong dagat na tutugon sa pangangailangan ng wika ng malawak na komunikasyon (language of wider communication) at wika ng ugnayang pang-internasyonal.